# 소망의 여인들

## Prayer Calander

2025년 8월

Ang buwanang Women of Hope prayer Calendar ay sinasalin sa 100 na linguahe at ipinapanalangin ng higit 110,000 na mga tao



**Pamumuhay sa Pagkaalipin**

Wala nang kahatulang parusa sa mga taong nakipag-isa na kay Cristo Jesus (Roma 8:1). Isang uri ng pang-aalipin na nararanasan ng mga kababaihan ay ang sundot ng konsyensiya. Sinasabi sa Ikalawang Corinto 5:17: 'Ang sinumang nakay Cristo ay isa nang bagong nilalang. Wala na ang dati niyang pagkatao; binago na siya!' Pinalaya tayo ni Jesus mula sa pagkaalipin sa kasalanan, sa sakit ng kahatulan, bigat ng maparatangan, at ng nakakapanghinang pasanin ng mali at tamang pakiramdam ng konsyensiya. Pinalaya Niya tayo mula sa pangit na nakaraan na paulit-ulit na gumugulo sa ating mga isipan, nagbigay sa atin ng bagong buhay at bagong panimula. Ang kalayaan kay Ctristo ay ganap at kumpleto.

카카오톡 채널에서 '소망의 여인들' 채널을 추가하시면 매주 월요일에 한국어 기도카드를 받으실 수 있습니

**1**. Diyos, Ikaw ang maghikayat sa mga kababaihan sa bilangguan ng Albania upang maging matatag sa pagbabahagi ng pananampalataya sa mga kasamahan nila. (2 Tim. 1:8)

**2**. Ama, mag tayo Ka nawa ng mga simbahan sa bansang Bonaire, upang maging tagapangalaga at magbigay pag-asa sa mga biktima ng pang-aabusong seksuwal at nakalakal ng tao. (Ps. 72:12)

**3**. Panginoon, hiling namin ang katarungan para sa mga manggagawa sa probinsiya ng hilagang Brazil na pinagsasamantalahan. Naway magpatupad ng mga batas ang mga awtoridad para sa mga manggagawa. (Prov. 14:31)

**4**. Panginoon, Ikaw ang magpalaya sa mga alipin ng internet sa Cambodia. Itoy nagdudulot ng pang-àabusong seksuwal at pagkalulong sa sugal. (John 8:36)

**5**. Ama, hiling namin ang pagtulong Mo laban sa pagsasamantala sa mga Haitian at Venezuelan at iba pang probinsiyanong taga Chile, na dumadanas ng pang-aabuso sa mga gawain at pagsasaka. (Deut. 27:19)

**6**. Panginoon, hinihiling namin na pigilan Mo ang sapilitang pagpapadala ng mga babae sa China upang puwersadong ipakasal sa mga kalalakihan, dahil sa kakulangan ng kababaihan doon. (Ps. 32:7)

**7**. Panginoon, hinihiling naming na iligtas Mo ang mga nagdurusa sa labanan sa Columbia. Sila ay sapilitang gumagawa sa nakakaawang kalagayan. Tulungan Mo sila at bigyan ng katarungan. (Isa. 61:8)

**8**. Panginoon, idinudulog po namin ang mga kababaihang biktima ng prostitusyon sa Dominican Republic. Pagkalooban Mo sila ng marangal nà hanapbuhay at kagalingang spiritual at emosyonal. (Ps. 107:20)

**9**. Panginoon, iligtas Mo po ang mga biktima ng illegal na pagkuha sa Eswatini at loobin Mong silay mapalaya. Pagalingin Mo ang kanilang dalamhati, ibalik Mo ang tiwala sa sarili at pag-asa sa kanilang pagkatao. (Isa. 61:1)

**10**. Panginoon, hiling namin na alisin Mo ang gawi sa Ethiopa na pagpapakasal sa mga batang babae. Na sila ay mabigyan ng nararapat na karunungan. (Jer. 29:11)

**11**. Ama, Ikaw po ang tumulong at mamagitan sa kababaihan sa Indonesia, upang makalaya sa hindi makatarungang pagkakautang. Tulungan Mo silang makaahon at magkaroon ng magaang na pananalapi. (Ps 72:4)

**12**. Panginoon, hinihiling namin ang pagsaklolo Mo sa mga kabataan sa Japan na biktima ng pangaabusong seksuwal at mga pananakit. Bigyan Mo ng kalakasan ang mga nagbibigay ng tulong sa kanila. 2 Thess 3:3

**13**. Panginoon, Ikaw ang mag kanlong sa maraming kababaihan sa lugar ng Mexico na biktima ng sapilitang pangangalakal. Nawa ay makapagtayo ng simbahan at mga ahensiya na magtatanggol sa kanila. Is 1:17)


**TWR Korea 북방선교방송**

서울특별시 관악구 양녕로 15, 월드빌딩 6층

전화 (02)886-5671 / 이메일 hskim@twrk.or.kr

**14**. Panginoon hinihiling namin na ang pamahalaan ng Mongolia ay mag balangkas ng batas na ganap na pipigil sa pagsasamantalang seksuwal at sapilitang pangangalakal ng tao, maging ang sapilitang pagtatrabaho sa mga kabataan. 1 Tim 2:2-2

**15**. Panginoon, pagkalooban Mo po ng katarungan at tibay ng loob ang mga kababaihan sa Myanmar na nasa bilangguan dahil sa pagtatanggol sa karapatang pangtao. Ikaw ang kumalinga at mag-ingat sa mga anak na isinama sa kanila. Prov 21:15

**16**. Ama, Ikaw po ang mag ingat sa mga kababaihang patutot sa bansang Netherland. Akitin Mo sila sa Iyong liwanag upang matagpuan Ka nila. 2 Cor. 5:17)

**17**. Panginoon, hinihiling namin na magkaroon ng batas sa Nicaragua na magtatanggol sa mga batang kababaihan na pilitin na magpakasal. Nawa ay magkaroon ng pagbabago sa kultura upang maalis ang ganitong kagawian. (Ps. 140:12)

**18**. Ama, bigyan Mo ng kaaliwan at kapayapaan ang mga magulang ng mga sundalong lumalaban sa Ukraine-Russia. Magdulot Ka nawa ng kapayapaan upang makabalik ang mga kawal at muli nilang makapiling ang kanilang mga magulang. (2 Cor. 13:11)

**19**. Panginoon, magdulot Ka ng pagbabago sa Papua New Guinea sa gawi na pag-alipusta sa pagkatao ng mga kababaihan at sapilitang pagpapakasal sa mga may murang edad. Panumbalikin Mo nawa ang kanilang halaga at pagkatao. (Isa. 58:6)

**20**. Ama, Ikaw po ang magligtas sa mga naninilbihang kasambahay sa bansang Paraguay na tinanggalan ng mga karapatan at walang proteksiyon. Pagkalooban Mo nawa sila ng ligtas na matutuluyan. (Ps. 82:3)

**21**. Panginoon, kami ay sumasamo sa Iyo para sa mga kababaihan sa bansang Romania na dumadanas ng pisikal na pananakit at pag-alimura galing mismo sa kanilang mga pamilya at pinagtatrabahuhan. Pahintuin Mo po ang mga nang-aabuso at ilapit Mo ang mga kababaihan sa Iyo. (Ps. 64:1)

**22**. Ama, Ikaw po ang magbigay ng ganap na kagalingan, panunumbalik at pag-asa sa lahat ng biktima ng pangangalakal ng tao sa bansang ng Russia. (Jer. 30:17)

**23**. Panginoon, Ikaw po ang sumupil sa tumataas na bilang ng kaso ng sapilitang pagkuha sa tao sa bansang South Africa. Ikaw po ang magligtas at. magbigay ng emosyonal na kagalingan sa lahat ng naging biktima. (Ps. 82:4)

**24**. Ama, bigyan Mo nawa ng mapagmahal na puso ang mga kababaihang bilanggo sa Espanya na nakasumpong ng Iyong kapatawaran. Pagkalooban Mo nawa sila ng pusong may pagkalinga sa mga mahal nila sa buhay. (Isa. 49:15)

**25**. Panginoon, Ikaw ang maglagay ng kauhawan sa Salita ng Diyos sa mga bilanggo sa bansang Swiss. Udyukan Mo nawa sila na buksan at pagbulayan ang Iyong Salita upang magdulot ng pananabik at pagkakilala sa Iyo. (1 Tim. 2:4)

**26**. Dahil sa kahirapan ng buhay marami sa Tazania ang nababaon sa pagkakautang, subalit walang kakayahang magbayad. Sanhi ito na mawalan sila ng mga ari-arian at tahanan. Ama, magbukas Ka nawa ng mga pamamaraan upang magkaroon sila ng pangtustos sa buhay. (Prov. 22:7)

**27**. Panginoon, Ikaw ang mag hilom ng sugat ng mga kabataan sa Timor-leste na naging biktima ng digmaan at pagsasamantala. Sa Iyong kahabagan, bigyan Mo sila kaginhawahan, panumbalikin Mo ang maayos na buhay at Ikaw ang magtanggol sa kanila. (Matt. 19:14)

**28**. Dahil sa karahasan, pagbagsak ng ekonomiya at kakulangan ng Kalayaan, maraming taga Venezuela ang lumisan. Ama, Ikaw ang mag tanggol at magpanumbalik ng katatagan sa mga nakararanas ng abusong seksuwal, gayundin sa mga manggagawa na kulàñg ang ibinabayad sa kanila. (Lam. 3:34)

**29**. Panginoon, ang dalawa sa ikatlong bahagi ng kababaihan sa Vietnam ay nahaharap sa pang-aabuso ng kanilang mga asawa tulad ng emosyonal, pisikal at hindi pagbibigay ng suportang pinansiyal. Pakiusap Ama, ipagtanggol Mo sila at pagkalooban ng ginhawa at baguhin Mo ang kanilang kalagayan. (Ps. 34:18)

**30**. Ama, gumawa Ka sa pamamagitan ng pangunguna nina Arta at Vita sa kanilang pagbabahagi ng Iyong pag-ibig sa mga kababaihan sa bilangguan sa Albania. Nawa ay makapagtatag sila ng maayos na relasyon sa mga manggagawa ng bilangguan. (John 13:34-35)

**31**. Ama, palayain Mo nawa ang mga bata na sapilitang pinagtatrabaho bilang alipin sa Haiti na dumadanas ng pang-aabuso. Panumbalikin Mo nawa ang kanilang damdamin at pagkalooban Mo sila ng mas maayos na buhay. (Deut.10:18)

**후원안내**
**국민은행 851-01-0003-724 북방선교방송**
**최초 입금 후 사무실로 연락주시기 바랍니다.**